**Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino**
s/p De La Salle University
Taft Avenue, Maynila 1004

RELEASED
JUL 04 2017
DEPED-CAR Time:________

28 Hunyo 2017

**DR. MAY B. ECLAR**
**Director, Department of Education-CAR**

Mahal na Dr. Eclar,

Malugod po naming hinihiling sa inyong butihing tanggapan na ipalaganap ang impormasyon hinggil sa **Pambansang Kumperensya at Seminar sa Wika at Panitikan 2017 ng PSLLF** na may temang **SURI, SALIKSIK, SANAY 2: Pedagohiya, Teknolohiya, at Dalumat ng/sa Filipino sa Siglo 21,** sa Oktubre 25-28, 2017 (Miyerkoles hanggang Sabado), alinsunod sa **DepEd Advisory No. 80, Series of 2017.** Ang venue para sa Oktubre 25 ay sa St. Cecilia's Function Room A., St. Scholastica's College-Manila, at ang para naman sa Oktubre 26-28 ay sa Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila.
Narito po ang detalye ng bayarin sa rehistrasyon:
**PSLLF Member: 3,500 piso*(*Magdeposit ng buong halaga o downpayment na at least 500 piso hanggang Okt.1*)**
**Non-PSLLF Member: 3,500 piso*(*Magdeposit ng buong halaga o downpayment na at least 500 piso hanggang Agosto 1*)**
**Regular rate para sa lahat (Okt. 1-26) 4,000 piso**
**Maaari ring sa mismong Okt. 26 magbayad ng 4,000 piso.**

ACCOUNT NAME: Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino Inc.
ACCOUNT NUMBER (UCPB-Vito Cruz): 10-120-0000-932

ISCAN/PIKTYURAN ang DEPOSIT SLIP at i-email sa dmmsanjuan@gmail.com at DALIN SA ARAW NG SEMINAR. Banggitin sa email kung kanino ipapangalan ang resibo ng rehistrasyon, gayundin ang inyong contact number. Para sa pagdedeposito sa BPI o pagpapadala via LBC, itext ang numero sa ibaba o I-PM kami sa **facebook.com/PSLLF** Saklaw ng rehistrasyon ang **3 tanghalian, 6 meryenda** at seminar bag, handouts, at certificate **para sa Oktubre 26-28.** Samantala, **LIBRE** ang unang araw (**Oktubre 25**) ngunit kanya-kanyang gastos sa pagkain. Mangyaring magpadala ng mensahe sa aming email: dmmsanjuan@gmail.com o kaya'y Facebook ng PSLLF para sa kumpirmasyon ng pagdalo/reserbasyon ng slot.

Hindi po kasali sa bayarin ng rehistrasyon ang akomodasyon. Para sa nangangailangan ng matutuluyan: Citystate Tower Hotel: (02) 708-9600 to 09 at 314-5144; UCCP Shalom Center: 0917-886-1017/(02) 524-6242; Lotus Garden Hotel: (02) 522-1515 at 522-0768 (Lotus Garden Hotel); YMCA: (02) 527-6982 to 85 o 528-0559; Boy Scouts of the Philippines: (02) 522-0047; PNU Hostel: 317-1768 loc.773/531.
Para sa update o mga katanungan: **www.facebook.com/PSLLF * 0927-2421-630 * 0917-8961-993**

Matapat na sumasainyo,

**Dr. David Michael M. San Juan**
Pangulo, PSLLF

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
Wangal, La Trinidad, Benguet

# ADVISORY

June 30, 2017

TO: **SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**
**ALL DIVISIONS**

For information and dissemination.

**MAY B. ECLAR, Ph.D., CESO V**
*OIC-Office of the Regional*

//ORD/lyn/06.30.17

**Pambansang Kumperensya at Seminar sa Wika at Panitikan 2017 ng PSLLF**
**SURI, SALIKSIK, SANAY 2:**
**Pedagohiya, Teknolohiya, at Dalumat ng/sa Filipino sa Siglo 21**
**PROGRAMA**

***Unang Araw (Oktubre 25)***
7:00 – 8:00 ng umaga: Rehistrasyon
8:00 – 8:30 ng umaga:
Pambansang Awit at Panalangin
Bating Pagtanggap
  Prop. Marina Merida
  Departamento ng Filipino, St. Scholastica's College-Manila
8:30 – 12:00 ng tanghali:
Mga Sesyong Plenari ng Pamunuan ng PSLLF at Ilang Guro ng St. Scholastica
*Estado ng Linggwistika at Wikang Pambansa*
- Dr. Aurora E. Batnag
  Direktor, PSLLF

*Adyenda sa Pananaliksik sa Araling Pilipinas sa Siglo 21*
- Dr. David Michael M. San Juan
  Pangulo, PSLLF/Associate Professor, De La Salle University-Manila

*Teknolohiya sa Bagong Kurikulum ng Filipino*
- Prop. Santy Flora
  Pangalawang Pangulo, PSLLF/Pangalawang Pangulo, Quezon City Polytechnic University

*Nasyonalismo sa Pedagohiya sa Konteksto ng K to 12*
- Prop. Jonathan Vergara Geronimo
  Direktor, PSLLF/Faculty, UST-Senior High School

1:00 – 5:00 ng hapon
Mga Sesyong Plenari Batay sa Panawagan sa Papel
  Sesyong Plenari 1: Pananaliksik sa Pedagohiya
  Sesyong Plenari 2: Pananaliksik sa Teknolohiya
  Sesyong Plenari 3: Pananaliksik sa Dalumat
  Sesyong Plenari 4: Iba Pang Pananaliksik

***Ikalawang Araw (Oktubre 26)***
Susing Pananalita: Kgg. Virgilio S. Almario (Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino)
Oryentasyon
Lektyur 1: **Pagtuturo ng Obra Maestra**: Dr. Chuckberry Pascual (Unibersidad ng Santo Tomas)
Lektyur 2: **Sinesosyedad**: Dr. David Michael San Juan (PSLLF/De La Salle University)
Lektyur 3: **Asesment/Pagtataya sa Filipino**: Dr. Pamela Constantino (Unibersidad ng Pilipinas)

***Ikatlong Araw (Oktubre 27)***
Lektyur 4: **Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Filipino**: Prop. Alvin Ringgo Reyes (UST)
Lektyur 5: **Paghahanda ng Awtentikong Kagamitang Pampagtuturo**/Prop. Emma Sison (DLSU)
Lektyur 6: **Teleserye, Social Media, at Kulturang Popular sa Pagtuturo ng Filipino**: Dr. Joselito Delos Reyes (UST)
**Worksyap (Pangkatan Batay sa Antas na Tinuturuan)**

***Ikaapat na Araw (Oktubre 28)***
Lektyur 7: **Pananaliksik sa Araling Filipino**: Dr. Rhoderick Nuncio (DLSU)
Lektyur 8: **Pagtuturo ng Pananaliksik sa Filipino sa Iba't Ibang Antas**: Prop. Crizel Sicat-De Laza (UST)
Lektyur 9: **Aksiyong Pananaliksik sa Wika at Panitikan**: G. John Kelvin Briones (Senior Program Specialist, Departamento ng Edukasyon)
Presentasyon ng Awtput

**Pambansang Kumperensya at Seminar sa Wika at Panitikan 2017 ng PSLLF**
**SURI, SALIKSIK, SANAY 2:**
**Pedagohiya, Teknolohiya, at Dalumat ng/sa Filipino sa Siglo 21**

**TRAINING MATRIX**

| Time Frame | Araw 1 (Okt. 25) | Araw 2 (Okt. 26) | Araw 3 (Okt. 27) | Araw 4 (Okt. 28) |
|---|---|---|---|---|
| 7:00-8:00 am | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda |
| 8:00-9:00 am<br>9:00-10:00 am<br>10:00-11:00 am<br>11:00-12:00noon | *Mga Sesyong Plenari mula sa PSLLF at kaguruan ng St. Scholastica's College-Manila | *Susing Pananalita<br>*Pagsasanay sa Pedagohiyang Pampanitikan (Pagtuturo ng Obra Maestra) | *Pagsasanay sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo at Paghahanda ng Materyal na Panturo (Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Filipino; Paghahanda ng Awtentikong Kagamitang Pampagtuturo) | *Pagsasanay sa Pagdadalumat/Pagteteorya sa Pananaliksik (Pananaliksik sa Araling Filipino; Pagtuturo ng Pananaliksik sa Filipino sa Iba't Ibang Antas) |
| 12:00-1:00 pm | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian |
| 1:00-2:00 pm<br>2:00-3:00 pm<br>3:00-4:00 pm<br>4:00-5:00 pm | *Mga Sesyong Plenari mula sa ibang unibersidad<br>Open Forum | *Pagsasanay sa Pedagohiyang Pampanitikan at Pangwika (Sinesosyedad; Asesment/Pagtataya sa Filipino)<br>**Meryenda: 3:00pm* | *Pagsasanay sa Paggamit ng Iba't Ibang Midya sa Pagtuturo (Teleserye, Social Media, at Kulturang Popular sa Pagtuturo ng Filipino)<br>**Meryenda: 3:00pm*<br>*Pangkatang Worksyap Batay sa Antas na Tinuturuan | *Pagsasanay sa Praktikal na Pananaliksik (Aksiyong Pananaliksik)<br>**Meryenda: 3:00pm*<br>*Presentasyon ng Awtput ng Worksyap |

Advisory No. 80, s. 2017
April 19, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph.*)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN 2017

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan 2017* na may temang *Suri, Saliksik, Sanay 2: Pedagohiya, Teknolohiya, at Dalumat ng/sa Filipino sa Siglo 21* mula Oktubre 26 hanggang 28, 2017 sa *Citystate Tower Hotel,* Ermita, Maynila (malapit sa Robinsons, Maynila).

Ang layunin ng seminar-worksyap ay:

1. mabigyan ng malawak na perspektiba ang mga guro at mananaliksik hinggil sa teorya at praktika ng pedagohiya, teknolohiya, at dalumat kaugnay ng wika at panitikang Filipino sa konteksto ng *K to 12 Program* at iba pang kaugnay na pagbabago sa kurikulum;
2. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino sa antas elementarya, *junior at senior high school,* at kolehiyo;
3. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa bagong *General Education Curriculum (GEC)* sa antas tersiyarya; at
4. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pananaliksik at mga estratehiya ng pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga guro sa bawat paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Dr. David Michael M. San Juan
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)
De La Salle University, Taft Avenue, Maynila
Mobile Phone: 0927-242-1630
Email: dmmsanjuan@gmail.com

MCDJ/ DA Pambansang Seminar-Worksyap Sa Pagtuturo Ng Wika At Panitikan
0307/April 4, 2017